# Pagsunod kay Jesus SA USA

# KILALANIN SI LAKSMI!







## Tungkol kay Laksmi

**EDAD:** 9

**MULA SA:** Isinilang sa Cambodia, lumipat sa Hawaii, at nakatira na ngayon sa Utah, USA

**MGA WIKA:** Khmer, English

**MGA MITHIIN AT PANGARAP:**
1) Maging isang pulis.
2) Maging isang alagad ng sining.
3) Magmay-ari ng isang spa.

**PAMILYA:** Laksmi, Inay, Itay, at bunsong kapatid na babae

## Paano Sinusunod ni Laksmi si Jesus

Si Laksmi at ang kanyang pamilya ay lumipat sa USA mula sa Cambodia. Sinusunod ni Laksmi si Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan sa kanyang pamilya. Isa sa mga paborito niyang bagay ay tumulong sa pag-aalaga sa kanyang bunsong kapatid na si Rhianna. Nakikipaglaro si Laksmi sa kanya. Magkasama silang kumakain ng ice cream. At kung minsan pa nga ay si Laksmi ang nagpapalit ng lampin nito. "Tinutulungan ko siya dahil mahal ko siya," sabi ni Laksmi. "Sinabi ni Jesus na dapat nating mahalin ang isa't isa." ●

MGA LARAWANG-GUHIT NI TANIA REX

## Maaari Mo ring Sundin si Jesus!


Maraming paraan para masunod si Jesus. Paano ka sumusunod sa Kanya? Isulat at ikuwento sa amin!

## Mga Paborito ni Laksmi

**KUWENTO SA BANAL NA KASULATAN:** Pamilya ni Lehi na sumusunod sa Liahona



**LUGAR:** Ang bakuran ng Laie Hawaii Temple



**PRUTAS AT GULAY:** Mga strawberry at broccoli



**MGA KULAY:** Lahat ng kulay sa bahaghari

**SUBJECT SA PAARALAN:** Math

